7

# Lingguhang Aralin sa Values Education

Quarter 2
Aralin
7

IMPLEMENTATION OF THE MATATAG K TO 10 CURRICULUM

GOVERNMENT PROPERTY
NOT FOR SALE

**Modelong Banghay-Aralin sa Values Education 7**
**Kuwarter 2: Aralin 7 (Linggo 8)**
**TP 2024-2025**

Ang materyal na ito ay inilaan lamang para sa paggamit ng mga guro na kalahok sa implementation ng MATATAG K to 10 Curriculum sa taong panuruang 2024-2025. Layunin nitong mailahad ang nilalaman ng kurikulum, pamantayan, at mga kasanayang dapat malinang sa mga aralin. Ang anomang walang pahintulot na pagpapalathala, pamamahagi, pagmomodipika, at paggamit ay mahigpit na ipinagbabawal at may karampatang legal na katumbas na aksiyon.

Ang mga nahiram na nilalaman na kasama sa materyales na ito ay pag-aari ng mga may karapatang-sipi. Ginawa ang lahat upang malaman ang pinagmulan at makahingi ng permiso na magamit ang mga ito mula sa nagmamay-ari ng karapatang-sipi. Ang mga tagapaglathala at pangkat ng tagabuo ay walang anomang karapatan sa pagmamay-ari para sa mga ito.

**Mga Tagabuo**

**Manunulat:**
- James Cesar A. Metiam (Mariano Marcos State University)

**Tagasuri:**
- Amabel T. Siason (West Visayas State University)

**Mga Tagapamahala**
Philippine Normal University
Research Institute for Teacher Quality
SiMMER National Research Centre

Ang bawat pag-iingat ay ginawa upang masigurado ang katiyakan ng mga impormasyong nakapaloob sa materyales na ito. Para sa mga katanungan o fidbak, maaaring sumulat o tumawag sa Tanggapan ng Direktor ng Bureau of Learning Resources sa mga numero ng telepono (02) 8634-1072 and 8631-6922 o mag-email sa blr.od@deped.gov.ph.

**VALUES EDUCATION/ IKALAWANG KUWARTER / BAITANG 7**

| **I. NILALAMAN NG KURIKULUM, PAMANTAYAN, AT MGA KASANAYAN SA ARALIN** | |
|---|---|
| **A. Mga Pamantayang Pangnilalaman** | Natututuhan ng mag-aaral ang pag-unawa sa pagtugon ng pamilya sa pagbabago ng klima *(climate change).* |
| **B. Mga Pamantayan sa Pagganap** | Naisasagawa ng mag-aaral ang mga sariling paraan ng wastong pagtugon ng pamilyang kinabibilangan sa pagbabago ng klima *(climate change)* bilang tanda ng pagiging mapagmalasakit. |
| **C. Mga Kasanayan at Layuning Pampagkatuto** | Nakapagsasanay sa pagiging mapagmalasakit sa pamamagitan ng pagpapalaganap ng mga gawaing pampamilya ng wastong pagtugon sa pagbabago ng klima (*climate change*)<br>a. Naisasakilos ang mga sariling paraan ng wastong pagtugon ng pamilyang kinabibilangan sa pagbabago ng klima (*climate change*) |
| **D. Lilinanging Pagpapahalaga (Values to be developed)** | Mapagmalasakit<br>*(Concerned)* |
| **E. Nilalaman** | Pagtugon ng Pamilya sa Pagbabago ng Klima (*Climate Change*)<br>a. Pagpaplano at Pagsasakilos ng mga Paraan ng Pagtugon sa Pagbabago ng Klima |
| **F. Integrasyon** | *Sustainable Development Goals (SDG) 13: Climate Action*<br>*Climate Change at Intergenerational Justice; Green Family* |

| | |
|---|---|
| **II. Batayang Sanggunian sa Pagkatuto** | Beckerman, W. (2004). Intergenerational Justice. Foundation for the Rights of Future Generation, 2. https://intergenerationaljustice.org/images/stories/publications/gg12_20040629.pdf<br>Department of Education (w.p.). Matatag curriculum. https://deped.gov.ph/matatag-curriculum/<br>Edel, A., Höb, S., Mair, N., Riepl, T., Striessnig, E., Thomas, M. and Vono de Vilhena, D. (2022). Generational Fairness in Climate Change. Population & Policy Compact 34, Berlin: Max Planck Society/Population Europe. https://population-europe.eu/files/documents/pb34_green-family_en.pdf |

| | |
|---|---|
| | Population Connection (w.p). Solutions Through Reproductive Health Info Brief: Family Planning and Climate Resilience. https://populationconnection.org/resources/solutions-through-reproductive-health-family-planning-and-climate-resilience/<br>Population Connection (w.p.). The Connections between Population and Climate Change Info Brief. https://populationconnection.org/resources/population-and-climate/<br>Population Europe (2009-2023). 'Future-oriented climate policy should include families' – study on intergenerational justice and climate change. https://www.population-europe.eu/network/news-network/future-oriented-climate-policy-should-include-families-study-intergenerational<br>Rieger, J. & Yang, T. (2023). To Save the Philippines' Forests, He Sued for Future Generations. The Asia Foundation. https://asiafoundation.org/2023/07/26/to-save-the-philippines-forests-he-sued-for-future-generations/<br>United Nations (w.p.). The 17 Goals. https://sdgs.un.org/goals<br>United Nations International Children's Emergency Fund (2009). A brighter tomorrow: climate change, child rights and intergenerational justice. https://www.unicef.org.uk/publications/A-brighter-tomorrow-climate-change-and-intergenerational-justice/<br>United Nations International Children's Emergency Fund (2012). Climate Change and Intergenerational Justice. https://www.unicef-irc.org/article/920-climate-change-and-intergenerational-justice.html |

| **III. MGA HAKBANG SA PAGTUTURO AT PAGKATUTO** | | **MGA TALA sa GURO** |
|---|---|---|
| **A. Pagkuha ng Dating Kaalaman** | **UNANG ARAW**<br>**I. Maikling Balik-aral**<br>**DALOY-PAG-UNAWA:** Tuluyan ang pangungusap na naaayon sa konseptong natutuhan at naunawaan.<br><br>Sa kinakaharap na pagbabago ng klima, mahalaga na ang bawat pamilya ay<br>__________________________________________<br>________________________________________________________<br>________________________________________________________<br>__________________________ . | |

| | | |
|---|---|---|
| **B. Paglalahad ng Layunin** | 1. **Paglinang sa Kahalagahan sa Pagkatuto sa Aralin**<br>**Gawain 1: Tulad ng Puno**<br><br>**2. Paghawan ng Bokabolaryo sa Nilalaman ng Aralin**<br>Tukuyin kung ano ang inilalarawan ng bawat pangungusap.<br>1. Isang ideyang nagsasabi na ang mga kasalukuyang henerasyon ay may ilang mga tungkulin sa mga susunod na henerasyon.<br>2. Isang konsepto na nagsasabing, pananagutan ng kasalukuyang henerasyon na isaalang-alang ang mga pangangailangan at kabutihan ng mga susunod na henerasyon sa paggawa ng batas, pangangalaga sa kalikasan, at sa pag-unlad ng ekonomiya.<br>3. Pinagtibay ito ng lahat ng kasapi ng *United Nations Member States* noong 2015 na nagbibigay ng pangkapayapaan at pangkaunlarang *blueprint* para sa mga tao at sa planeta ngayon at sa hinaharap.<br>4. Programang naglalayong magbigay ng mga opsiyon at serbisyo sa mga indibiduwal at pamilya upang mapanatili ang kanilang kalusugan at maiplano nang maayos ang kanilang pagbubuo ng pamilya.<br><br>***Intergenerational Justice*** ***Sustainable Development Goals***<br>***Intergenerational Responsibility*** ***Family Planning*** | **Gawain 1:** *Tingnan ang worksheet para sa aktibidad na gagawin ng mga mag-aaral*<br><br>**Paghawan sa Bokabolaryo**<br>1. *Intergenerational Justice*<br>2. *Intergenetational Responsibility*<br>3. *Sustainable Development Goals*<br>4. *Family Planning* |
| **C. Paglinang at Pagpapalalim** | **Kaugnay na Paksa 3: Pagpaplano at Pagsasakilos ng mga Paraan ng Pagtugon sa Pagbabago ng Klima**<br>**I. Pagproseso ng Pag-unawa**<br>Sa nakaraang aralin ay nakapagbigay ang mga mag-aaral ng mga kongkretong pamamaraan kung paano makibahgi ang isang pamilya sa pagtugon sa mga suliraning pangkapaligiran at pagbabago ng klima. Sa araling ito, ay mabibigyan ng pagsasanay ang mga mag-aaral na magplano at magsagawa ng mga hakbang sa pabibigay-solusyon sa mga krisis na dulot ng pagkasira ng kalikasan at pagbabago ng klima.<br>**United Nations Sustainable Development Goals**<br>Ang *2030 Agenda for Sustainable Development*, na pinagtibay ng lahat ng kasapi ng *United Nations Member States* noong 2015 ay nagbibigay ng pangkapayapaan at | Mahalagang gabayan ng guro ang mga mag-aaral sa pagbabasa ng lahat ng teksto na napapaloob sa araling ito upang matiyak na naintindihan nila ang mga konseptong tatalakayin.<br><br>Ugaliing magbigay ng mga katanungan na makapagtataya ng pang-unawa ng mga mag-aaral. |

pangkaunlarang *blueprint* para sa mga tao at sa planeta ngayon at sa hinaharap. Napapaloob dito ang *17 Sustainable Development Goals (SDGs)* na isang agarang panawagan para sa pagkilos ng lahat ng bansa sa isang pandaigdigang pakikipagtulungan. Kinikilala nila na ang pagwawakas sa kahirapan at iba pang mga krisis ay dapat na kasabay ng mga estratehiya na nagpapabuti sa kalusugan at edukasyon, nagbabawas ng hindi pagkakapantay-pantay, at nag-uudyok sa paglago ng ekonomiya at iba pa habang tinatalakay ang pagbabago ng klima at isinasagawa ang mga kilos upang mapanatili ang ating mga karagatan at kagubatan.




Ang ika-labingtatlong SDG ay naghihikayat sa mga pandaigdigang mamamayan na makibahagi sa mga gawaing may kaugnayan sa:

- pagpapalakas ng kakayahang matugunan ang mga panganib na nauugnay sa pagbabago ng klima at natural na sakuna sa lahat ng bansa;
- pagsasagawa ng mga hakbang sa pagbabago ng klima sa mga pambansang patakaran, estratehiya, at pagpaplano; at
- pagsulong ng mga mekanismo para sa pagpapataas ng kapasidad para sa epektibong pagpaplano at pamamahala na may kaugnayan sa pagbabago ng klima.

**Pagnilayan Mo!**

1. Paano mo maisasama ang mga prinsipyo ng SDG 13 sa iyong pang-araw-araw na buhay at mga gawain?
2. Ano ang puwedeng ambag o kontribusyon ng iyong pamilya upang makatulong sa pag-abot ng SDG 13?
3. Bakit mahalagang makibahagi ang isang pamilya sa pagsulong ng mga gawaing tumutugon sa pagbabago ng klima?

| | | |
|---|---|---|
| | **Pagbabago ng Klima at *Intergenerational Justice***<br>**Lunsarang Tanong:** *Sa iyong palagay, mayroon ka bang pananagutan sa mga hinaharap na henerasyon (future generation)? Ipaliwanag ang iyong sagot.*<br>Ang mga epekto ng pagbabago ng klima na ginawa ng tao ay isang pangunahing isyu para sa mga siyentipiko, mananaliksik, at mga gumagawa ng patakaran. Bagama't mayroong malawak na pagkakaintindihan na nangyayari nga ang pagbabago ng klima, nagpapatuloy ang makabuluhang kontrobersiya sa lawak ng mga kahihinatnan ng pagbabago ng klima at sapat na mga tugon sa patakaran.<br>Ang pagbibigay-tuon sa mga problema sa kapaligiran at ang epekto na ginagawa ng mga tao sa kapaligiran ay pumukaw sa interes sa problema ng hustisya sa pagitan ng mga henerasyon (Beckerman, 2004). Ayon sa *United Nations International Children's Emergency Fund* (UNICEF, 2012) ang *intergenerational justice* ay ideyang nagsasabi na ang mga kasalukuyang henerasyon ay may ilang mga tungkulin sa mga susunod na henerasyon. Ang pagbabago ng klima ay naglalabas ng partikular na mga isyu~~,~~ tulad ng kung aling mga panganib ang pinahihintulutang ipataw ng mga nabubuhay ngayon sa mga susunod na henerasyon~~,~~ at kung paano magagamit ang mga likas na yaman nang hindi nagbabanta sa pagpapanatili ng balanse at masaganang *ecosystem* ng planeta. Bukod dito, kapag pinag-uusapan ang tungkol sa mga karapatan ng mga susunod na henerasyon ay hindi maiiwasang itataas nito ang isyu kung paano balansehin ang mga pag-aangkin ng mga karapatan ng mga nabubuhay ngayon laban sa mga pag-aangkin ng mga karapatan ng mga susunod na henerasyon. Noong Hulyo 2023 ay minarkahan ang ika-30 anibersaryo ng isang legal na desisyon sa Pilipinas na umalingawngaw lagpas pa sa mga baybayin ng ating bansa. Noong 1993, isang batang abogado na nagngangalang Antonio Oposa ang nagdemanda sa *Department of Environment and Natural Resources* (DENR) at ng kalihim nito, si "Jun" Factoran, upang ihinto ang pagtotroso sa mga kagubatan ng bansa. Ang kapansin-pansing aspekto ng kaso ay nagdemanda siya sa ngalan ng mga henerasyong hindi pa isinisilang. Sa simula ay ibinasura ng gobyerno sa kadahilanan na ang mga *petitioner*, bilang mga bata, ay walang legal na katayuan upang magdemanda sa isang hukuman ng batas. Ito ay binawi noong 1992 ng Korte Suprema. Sinabi ng korte hindi sila nahirapan sa pagpapasya na ang mga nagpetisyon na mga bata ay maaaring maghain ng kaso para sa kanilang sarili at para sa ibang mga henerasyon. Saad pa nila, ito ay hango sa konsepto ng | **Pagbabago ng Klima at *Intergenerational Justice***<br>Sa lunsarang tanong, ang guro ay tatanggap lang muna ng mga ideya at saloobin ng mga mag-aaral. Ipabasa at talakayin ang teksto. Pagkatapos ay balikan ang lunsarang tanong at muling ipasagot sa mga mag-aaral batay sa nabasang teksto. |

*intergenerational responsibility* na nagsusulong na gawing pantay-pantay ang paggamit ng mga likas na yaman sa kasalukuyang henerasyon at gayundin sa mga susunod na henerasyon (UNICEF,2009). Ito ay kilala na ngayon bilang *Oposa Doctrine*. Binibigyan nito ang kasalukuyang henerasyon ng legal na katayuan upang magsagawa ng mga aksiyon sa ngalan ng mga susunod na henerasyon na may paggalang sa mga karapatan sa kapaligiran (Rieger & Yang, 2023). Ayon sa Population Europe (2009-2023), may pag-aaral na nagsasabing ang pamilya ay may mahalagang papel na dapat gampanan sa pangangalaga ng kalikasan at pagtugon sa pagbabago ng klima. Ayon dito, nararapat lamang na makisangkot ang pamilya sa pagsasagawa ng mga *future-oriented climate policy* at mga hakbang na tumutugon sa suliraning may kinalaman sa pagbabago ng klima. Sa pananaliksik nina Edel et al. (2022), nakasaad na may gampanin ang pamilya sa paghubog ng mga *intergenerational* na relasyon lalo na pagdating sa pangangalaga sa kapaligiran at *climate-friendly* na pag-uugali. Ang mga nakakatanda ay nagsisilbing huwaran at impluwensya sa pangkapaligirang kamalayan at pag-uugali ng susunod na henerasyon. Bukod sa transisyon sa buhay na may trabaho at pagtaas sa kita, ang pagsisimula ng pamilya na may mga anak ay isang yugto na may malakas na epekto sa kamalayang pangkapaligiran, lalo na sa *resource consumption* (Milfont, Poortinga & Sibley, 2020 in Edel, 2022).

**Pagnilayan Mo!**

1. Mayroon bang pananagutan ang kasalukuyang henerasyon sa mga hinaharap na henerasyon? Bigyang-paliwanag ang sagot.
2. Paano mo maitataguyod ang prinsipyo ng *intergenerational justice* sa pangangalaga ng kalikasan at pagtugon sa mga suliraning may kaugnayan sa pagbabago ng klima?

***Basahin at Alamin!***

Para sa karagdagang kaalaman ipabasa ang artikulong ***Climate Engineering: Cure or Curse?***

Makikita ang tekstong babasahin sa link na ito: https://www.unicef-irc.org/article/920-climate-change-and-intergenerational-justice.html

**Mga tanong para sa talakayan:**

1. Ano ang potensiyal na epekto ng pagpapatupad ng *climate engineering* sa hinaharap ng ating planeta?
2. Ano ang mga moral na isyu at panganib na kaakibat ng paggamit ng *climate engineering* bilang tugon sa pagbabago ng klima?

**Pagnilayan Mo!**
Maaari pang magdagdag ng mga katanungan ang guro na makakatulong sa pagproseso ng mahahalagang kaalaman na dapat maunawaan ng mga mag-aaral.

**Karagdagang Kaalaman:**
***Basahin at Alamin!***
Ang pagbabasa ng teksto at pagsagot sa gabay na katanungan ay maaaring gawin na takdang-aralin bilang paghahanda sa talakayan sa klase.

**IKALAWANG ARAW**

**Pagpaplano ng Pamilya (Family Planning) bilang Tugon sa mga Suliraning may Kaugnayan sa Pagbabago ng Klima**



Ang pagpaplano ng pamilya ay isang mahalagang hakbang sa pagtugon sa mga suliraning may kinalaman sa pagbabago ng klima. Sa pamamagitan ng pagbibigay ng oportunidad sa mga serbisyo ng *family planning*, maaaring mapanatili o mapababa ang paglaki ng populasyon, na may magandang epekto sa kakayahan ng mga komunidad na umangkop sa mga pagbabagong dulot ng klima. Ang pagkakaroon ng mas mataas na populasyon ay maaaring magresulta sa mas mataas na pangangailangan para sa pagkain, tubig, at iba pang likas na yaman~~,~~ na maaaring magdulot ng tensiyon sa kalikasan at mas mataas na *carbon emissions*.

Kaya naman, ang pagpaplano ng pamilya ay isang epektibong paraan para sa pangangalaga ng kalikasan at pag-aalaga sa hinaharap ng ating planeta. Ang pag-unawa sa ugnayan ng pagbawas ng kahirapan, pagbagal ng paglaki ng populasyon, at pangangalaga sa kalikasan ay mahalaga sa mga inisyatibong pangklima. Malapit na kaugnay ng mataas na pagtaas ng populasyon sa kahirapan~~,~~ na madalas na nauugnay sa pagbabago ng klima ang kahalagahan na matugunan ang mga suliranin sa lipunan, ekonomiya, at kalikasan para sa matagumpay na pag-unlad. Ang pagbibigay ng kapangyarihan at karapatan sa mga kababaihan na kontrolin ang kanilang pagbubuntis ay nagdudulot ng positibong epekto tulad ng pangangalaga sa kalikasan, seguridad sa pagkain, pababang kahirapan, at pagpapalakas ng kakayahan ng komunidad. Bukod dito, ang pagpaplano ng pamilya ay nagbibigay ng kapangyarihan sa mga kababaihan na magdesisyon para sa kanilang sarili hinggil sa pagbubuntis, na nagreresulta sa mas mataas na antas ng edukasyon. Ang mas mataas na antas ng edukasyon ay nagbubukas ng mas maraming oportunidad para sa mas matibay na trabaho at mas magandang kabuhayan~~,~~ na nagreresulta sa mas kaunting bilang at mas malusog na mga anak. Dahil dito, ito ay nagbibigay ng tulong sa kalikasan sa pamamagitan ng sapat na alokasyon ng mga likas na yaman~~,~~ na nagreresulta sa malaking pagbawas ng mga emisyon ng *greenhouse gas* sa paglipas ng panahon. Sa katapusan ng siglo, maaaring magbunga ito ng 41% na pagbawas sa kabuoang

**Pagpaplano ng Pamilya (Family Planning) bilang Tugon sa mga Suliraning may Kaugnayan sa Pagbabago ng Klima**

Ang mga impormasyon at datos na napapaloob sa araling ito ay hango sa *online article* na inilathala sa website ng *Population Connection*. Mababasa ang kabuoan ng mga artikulo sa mga *links* na makikita sa Batayang Sanggunian sa Pagkatuto.

emisyon mula sa mga *fossil fuels* kumpara sa mga sitwasyon na may mas mabilis na paglaki ng populasyon.

**Kahalagahan ng Tamang Pamamahala ng Basura at Pagreresiklo**

Ang tamang pamamahala ng basura at pagreresiklo ay hindi lamang nagbibigay-daan sa mas malinis na kapaligiran, kundi pati na rin naglalagay sa atin sa tamang landas tungo sa pangangalaga sa kalikasan at pagtugon sa pagbabago ng klima. Ito ay isang kolektibong gawain na nag-uugnay sa ating lahat sa isang mas maayos at mas maganda na hinaharap.

Narito ang ilan sa mga kahalagahan ng tamang pamamahala sa basura:

1. **Pagbawas ng Pinsala sa Kalikasan**: Ang tamang pamamahala ng basura at pagreresiklo ay nagbibigay-daan sa mas maliit na dami ng basura na napupunta sa mga *landfill* o pinakamalalang pagtatambakan. Ito ay nagreresulta sa mas maliit na aberya sa kalikasan at mas malinis na kapaligiran.
2. **Pagtugon sa Pagbabago ng Klima**: Ang paggawa ng tamang pamamahala ng basura at pagreresiklo ay nakakatulong sa pagbawas ng *carbon footprint*. Ito ay dahil ang paggawa ng mga bagong produkto mula sa *recycled materials* ay mas kaunting enerhiya ang ginagamit kumpara sa paggawa ng mga bagay mula sa mga *raw materials*.
3. **Preserbasyon ng Natural na Yaman**: Ang pagreresiklo ay nagbibigay-daan sa paggamit muli ng mga materyales tulad ng papel, plastik, metal, at iba pa. Ito ay nangangahulugan na mas kaunting natural na yaman ang kakailanganin upang gawin ang mga bagay mula sa simula.
4. **Pagtulong sa Ekonomiya**: Ang industriya ng *recycling* ay lumilikha ng trabaho para sa maraming tao, mula sa mga mangangalakal ng basura hanggang sa mga nagtatrabaho sa mga pabrika ng mga resiklong produkto. Ito ay nagbibigay-daan sa pag-unlad ng lokal na ekonomiya.
5. **Paggamit ng Mas Mataas na Kalidad na Produkto**: Ang *recycled materials* ay maaaring gamitin upang gawing muli ang mga bagay na may mataas na kalidad. Ito ay nagbibigay-daan sa mas mahusay na produkto at mas matibay na kagamitan.
6. **Pagtugon sa Pandaigdigang Isyu**: Ang pagbabawas ng basura at pagreresiklo ay isang global na isyu. Sa pamamagitan ng pagtupad ng tamang pamamahala ng basura, tayo ay nakikibahagi sa pandaigdigang pagsisikap na mapangalagaan ang ating planeta para sa susunod na henerasyon.

| | | |
|---|---|---|
| | 7. **Pamumuhunan sa Kinabukasan**: Ang pagreresiklo ay isang pamumuhunan sa kinabukasan. Ito ay nagbibigay-daan sa pagtitiyak na may sapat na pinagkukunan para sa mga darating na henerasyon at pagpapalaganap ng pagmamahal at pangangalaga sa kalikasan.<br><br>**Pagnilayan Mo!**<br>1. Anong benepisyo ang maaaring makamtan ng mga kababaihan mula sa pagkakaroon ng kapangyarihan sa kanilang pagbubuntis?<br>2. Ano ang mga potensiyal na epekto ng mataas na populasyon sa kalikasan at pagbabago ng klima?<br>3. Paano ang pagpaplano ng pamilya ay nagbibigay ng positibong epekto sa seguridad sa pagkain at pambansang kaunlaran?<br>4. Paano nakakatulong ang pagpaplano ng pamilya sa pagtugon ng mga suliraning may kinalaman sa pagbabago ng klima?<br>5. Paano maaring maging epektibo ang pagpaplano ng pamilya bilang tugon sa mga suliraning pangklima?<br><br>**IKATLONG ARAW**<br>**II. Pinatnubayang Pagsasanay**<br>**Gawain 2: *Recycling Relay***<br>Mga katanungan para sa talakayan:<br>1. Ano ang mga katangian na eksklusibo lamang sa pamilya, gayundin ang mga katangian na eksklusibo lamang sa puno?<br>2. Mayroon bang mga elemento na maaaring maging parte ng parehong pamilya at puno?<br>3. Paano naman maaaring maging parte ng kabuoan ng kalikasan ang pamilya at puno?<br>4. Ano ang mga pagkakapareho na mayroong kaugnayan sa pangangalaga sa kalikasan?<br>5. Paano maaaring maging mas mabuting tagapangalaga ng kalikasan ang pamilya at paano ito maaaring magdulot ng kabutihan sa kanila at sa kapaligiran?<br>**III. Paglalapat at Pag-uugnay**<br>**Gawain 3: Plano ng Pagsasakilos (*Action Plan*)**<br><br>**Gawain 4: Pampamilyang Pahayag ng Misyon *(Family Mission Statement)*** | ***Recycling Relay***<br>Pagkatapos ng gawaing ito, maaaring gantimpalaan ang grupo o indibidwal na unang makatapos ng gawain. Magkaroon ng pagninilay ukol sa kahalagahan ng pagreresiklo at tamang pagtatapon ng basura.<br><br>**Gawain 2:** *Tingnan ang worksheet para sa aktibidad na gagawin ng mga mag-aaral*<br><br>**Plano ng Pagsasakilos (*Action Plan*):**<br>Maaari itong gawin sa tahanan kasama ang bawat miyembro ng pamilya.<br>Ipaunawa sa mga mag-aaral na ang pagsasakilos ng plano na ito ay naglalaan ng disiplinang kinakailangan upang maging maalam, maingat, at masinop sa pangangalaga sa kalikasan.<br>**Gawain 3:** *Tingnan ang worksheet para sa aktibidad na gagawin ng mga mag-aaral* |

<table>
<tr>
<td></td>
<td>
ang inyong personal na pampamilyang pahayag ng misyon na nakatuon sa pagpapakita ng malasakit sa susunod na henerasyon at kalikasan bilang tugon sa pagbabago ng klima. Ang pagbuo ng pampamilya na pahayag ng misyon na may kinalaman sa pagpapakita ng malasakit sa kalikasan ay nagbibigay ng mas mataas na kamalayan at kahalagahan sa pag-aalaga ng ating kapaligiran. Ito ay naglalayong maging bahagi ng solusyon at maging instrumento ng pag-unlad para sa mas magandang kinabukasan.<br><br>
IKAAPAT NA ARAW<br>
Bidyo-Adbokasiya para sa Kalikasan<br>
Bumuo ng isang advocacy video na nagpapakita ng pagmamalasakit sa kapaligiran at nagtuturo ng mga paraan para mabigyang solusyon ang climate change. Gamitin ang sumusunod na rubrik bilang gabay.
<table>
<tr><th>Kategorya</th><th>Puntos</th></tr>
<tr><td>Pagganap at Nilalaman</td><td>40</td></tr>
<tr><td>Nagpapakita ng malasakit sa kapaligiran at maayos na naghahatid ng mensahe ukol sa climate change. May malinaw na pag-unawa sa problema at nagbibigay ng konkretong solusyon.</td><td></td></tr>
<tr><td>Pamamahayag at Komunikasyon</td><td>25</td></tr>
<tr><td>Maayos at malinaw ang pagpapahayag ng mga ideya at mensahe. Maayos ang boses, tono, at pananalita. Nakakatugon ng maayos sa mga katanungan.</td><td></td></tr>
<tr><td>Kasangkapan at Disenyo</td><td>20</td></tr>
<tr><td>Mahusay na ginamit ang mga kasangkapan at teknolohiya. May malinaw at maayos na pagkasunod-sunod (sequencing) ng eksena. Ang pag-edit ay propesyonal at maayos.</td><td></td></tr>
<tr><td>Kabuoan</td><td>15</td></tr>
<tr><td>Ang video ay maganda, nakakaengganyo, at nakakatugon sa layunin nito. Nagbibigay-inspirasyon at naglalaman ng mga impormasyon na makakatulong sa pagpapalaganap ng kamalayan ukol sa climate change.</td><td></td></tr>
</table>
</td>
<td>
Gawain 4: Tingnan ang worksheet para sa aktibidad na gagawin ng mga mag-aaral<br>
Pampamilyang Pahayag ng Misyon<br>
Gawin itong takdang-aralin upang maisagawa ng mag-aaral kasama ang ibang kasapi ng pamilya.<br>
Bidyo-Adbokasiya para sa Kalikasan<br>
Pangkatang Gawain:<br>
Ang mga mag-aaral ay inaasahang makagagawa ng munting advocacy video gamit lamang ang kani-kanilang mga smartphones at editing application tool.<br>
Mahalagang magbigay ng pamantayan sa pagbibigay ng puntos sa pamamagitan ng rubrik.
</td>
</tr>
<tr>
<td>D. Paglalahat</td>
<td>
1. Pabaong Pagkatuto<br>
Bilang isang mabuting mag-aaral, papaano mo maipapakita sa iyong pamilya ang pagkakaroon ng malasakit sa kapaligiran?
</td>
<td>
Gawain 5: Tingnan ang worksheet para sa
</td>
</tr>
</table>

| | | |
|---|---|---|
| | 2. **Pagninilay sa Pagkatuto**<br>**Gawain 6: Bawat Hakbang Mahalaga** | *aktibidad na gagawin ng mga mag-aaral*<br><br>Mahalaga na maikintal ang kritikal na pag-unawa ng mga mag-aaral mula sa kanilang mga karanasan sa buong pag-aaral. Ang kanilang mga pagsagot tungkol sa kanilang damdamin at naranasan ay magsisilbing gabay sa pagbuo at pagpapabuti ng mga susunod na gawain at pagsasanay sa iba't ibang darating na mga paksa at aralin.<br>**Bawat Hakbang Mahalaga:**<br>Maari itong gawin sa kanilang tahanan kung wala nang sapat na oras. |

| **IV. EBALWAYSON NG PAGKATUTO: PAGTATAYA AT PAGNINILAY** | | **MGA TALA sa GURO** |
|---|---|---|
| **1. Pagtataya** | **Pagsusulit**<br>**Tama o Mali:** Bilugan ang "T" kung Tama at "M" kung Mali. (1 punto bawat tanong)<br>1. [T/M] Ang pag-init ng temperatura ng mundo ay isa lamang normal na pangyayari.<br>2. [T/M] Ang pagbabago ng klima ay maaaring magdulot ng mas maraming natural na kalamidad.<br>3. [T/M] Ang pagtitipid sa enerhiya ay isang paraan ng pagtugon sa pagbabago ng klima. | Sagot:<br>1. M<br>2. T<br>3. T<br>4. M<br>5. T<br>6. M<br>7. T<br>8. T<br>9. M |

<table>
<tr>
<td></td>
<td colspan="3">4. [T/M] Ang plastik na itinatapon sa karagatan ay hindi nakakasama sa mga isda at iba pang yamang dagat.<br>5. [T/M] Ang pagtatanim ng mga puno ay nakakatulong sa pagpapabawas ng carbon dioxide sa hangin.<br>6. [T/M] Ang paggamit ng mga air conditioners ay nakakatulong sa pagbabawas ng pag-init ng mundo.<br>7. [T/M] Ang pag-aaksaya ng kuryente ay hindi nakakatulong sa pagtitipid ng enerhiya.<br>8. [T/M] Ang paggamit ng bisikleta o paglalakad sa halip na sasakyan ay nakakatulong sa pagbabawas ng carbon footprint.<br>9. [T/M] Ang pagtatapon ng basura sa tamang lugar ay hindi mahalaga sa pangangalaga sa kapaligiran.<br>10. [T/M] Ang pagbabago ng klima ay may epekto lamang sa malalayong lugar at hindi sa buhay ng mga tao sa malapit na komunidad.<br>11. [T/M] Ang pagpaplano ng pamilya ay isang mahalagang hakbang sa pagtugon sa mga suliraning may kinalaman sa pagbabago ng klima.<br>12. [T/M] Ang mataas na populasyon ay maaaring magresulta sa mas mataas na pangangailangan para sa pagkain, tubig, at iba pang likas na yaman.<br>13. [T/M] Ang pagpaplano ng pamilya ay hindi epektibo bilang tugon sa mga suliraning pangklima.<br>14. [T/M] Ang pagbibigay ng access sa mga serbisyo ng family planning ay maaaring makatulong sa pagbawas ng pangangailangan para sa pagkain, tubig, at iba pang likas na yaman.<br>15. [T/M] Ang pagpaplano ng pamilya ay may magandang epekto sa kakayahan ng mga komunidad na umangkop sa mga pagbabagong dulot ng klima.</td>
<td>10. M<br>11. T<br>12. T<br>13. M<br>14. T<br>15. T</td>
</tr>
<tr>
<td rowspan="3">16. Pagbuo ng Anotasyon</td>
<td>Itala ang naobserhan sa pagtuturo sa alinmang sumusunod na bahagi.</td>
<td>Epektibong Pamamaraan</td>
<td>Problemang Naranasan at Iba pang Usapin</td>
<td rowspan="3"></td>
</tr>
<tr>
<td>Estratehiya</td>
<td></td>
<td></td>
</tr>
<tr>
<td>Kagamitan</td>
<td></td>
<td></td>
</tr>
</table>

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | ***Pakikilahok ng mga Mag-aaral*** | | | |
| | ***At iba pa*** | | | |
| 17. **Pagninilay** | *Gabay sa Pagninilay:*<br><br>▪ ***<u>Prinsipyo sa pagtuturo</u>***<br>*Anong prinsipyo at paniniwala ang naging bahagi ng ginawa sa aralin?*<br><br>*Bakit dapat ituro ang aralin sa paraang aking ginawa?*<br><br>▪ ***<u>Mag-aaral</u>***<br>*Anong gampanin ng mga mag-aaral sa aralin?*<br><br>*Ano at paano natuto ang mga mag-aaral?*<br><br>▪ ***<u>Pagtanaw sa Inaasahan</u>***<br>*Ano ang aking nagawang kakaiba?*<br><br>*Ano ang maaari kong pang gawin sa susunod?* | | | **Journal Writing**<br><br>Magnilay-nilay at ipahayag ng mag-aaral ang sariling saloobin, opinyon, o pag-unawa ukol sa aralin o paksa na natutuhan. |